IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume I, Issue 9 September 2021, eISSN: 2799-0664

# Dayorama Bilang Modelong Kagamitang Pampagtuturo At Pamgpakatuto Sa Maikling Kwento

**LOURDES S. BASCUŇA, PhD, DMindEd, DPed**
Chairperson, Department of Humanities, Math, PE, ICT & STS
lourdes.bascuna@cbsua.edu.ph

*Abstract* — Isa sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral ang kagamitang-panturo ng mga guro. Bunsod nang hindi pa ganap na gumagamit ang lahat ng teknolohiya sa bansa, mayroon paring mga paaralan na malayo sa sibilisasyon at batid nating walang gaanong ginagamit na kagamitang ang mga guro sa pagtalakay ng panitikan partikular na ang maikling kwento.
Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang una malaman ang iba pang gamit ng dayorama sa pagtuturo ng panitikan. Pangalawa ay malaman ang kabisaan ng dayorama sa pagtuturo at pagkatuto at pangatlo ay malaman ang gawain na maipanukala ang paggamit ng dayorama sa pagtuturo ng panitikan. Matapos na makapagpakitang-turo ang mga mananaliksik gamit ang dayorama na inobserbahan ng gurong-respondente ang pagpapakitang-turo gamit ang evaluation sheet na inihanda ng mga mananaliksik at nagbigay ng assessment sa mag-aaral upang sukatin at alamin ang antas ng pagkatuto nito. Natukoy ng mga mananaliksik ang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng mag-aaral, gamit ang t-test ay sinukat kung may pagkakaiba nga ba sa antas ng pagkatuto ng mag-aaral.
Lumabas sa resulta ng mga mananaliksik na isang epektibong kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto ang dayorama sa pagtalakay ng maikling kwento. Isang mabisang kagamitan na maaaring gamitin hindi lamang sa pagtalakay ng maikling kwento bagkus ay ng iba pang anyo ng panitikan tulad ng epiko, alamat at nobela. Natukoy ng mga mananaliksik na isang mabisang kagamitan ang dayorama sapagkat ang kagamitang ito ay nakatulong ng husto sa pagkuha ng interes at atensyon ng mag-aaral upang makinig.

***Keywords — Teknolohiya, Dayorama, Evaluation Sheet, Assessment, T-test***

## I. Introduction

Sa buhay ng isang mag-aaral at sa isang guro, importante na may partikular na istilo ang pamamaraan ng pagtuturo o pagkatuto. Hinihingi nang mabisa at mabilis na pagkatuto ang paggamit ng mabuting pamamaraan ng pagtuturo. Nakasalalay sa mabuting paraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mag-aaral. Gayunpaman, nasa guro pa rin ang pagpapasya sa pamamaraang gagamitin na alam niyang magiging angkop sa bunga ng pagkatuto na nais makamtan ng kanyang mga mag-aaral, angkop sa sitwasyon, sa kakayahan ng mag-aaral, sa uri ng paksang-aralin at sa asignaturang itinuturo.

Sa lahat na bagay na makikita sa silid-aralan, ang guro ang maituturing na pinakamahalagang kagamitan sa pagtuturo dahil sabi nga ni Pado (2011) “The best technology is

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume I, Issue 9 September 2021, eISSN: 2799-0664

the teacher." Guro pa rin ang pinakamabisang kagamitang panturo. Maituturing na isang salik sa pagkatuto ng isang mag-aaral ang kagamitang panturo ng guro. Ito ay ginagamit sa pagpapaunlad ng paglalahad ng aralin at nagsisilbing pantulong sa paghahatid ng impormasyon at kaalaman.

Isa rin sa mga kahalagahan ng kagamitang panturo ay nababawasan ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita o pagtatalakay ng aralin sa loob ng klasrum sapagkat may kagamitang panturo na maggagabay sa guro sa talakayan at magbibigay ng pahinga sa pagsasalita dahil karamihan sa mag-aaral ay visual learners. Mas mainam na may maipapakita ang guro na mas mauunawaan ng mag-aaral ang talakayan.

Lalong-lalo na sa pagtuturo ng panitikan, ang isang guro ay kinakailangang gumamit ng kagamitang panturo na aangkop sa paksa at makatutulong upang maunawaan ng lubusan ang isang akda. Sa usaping ito kinakailangang taglay ng isang guro ang pagiging malikhain sa pagbuo ng kagamitang panturo na gagamitin niya sa talakayan. Mapapansin sa kasalukuyang panahon, mas nagkakaroon ng interes ang mga mag-aaral na makinig at makiisa sa talakayan kung may nakikita na ginagamit ang guro sa pagtalakay.

Sa pagtalakay ng panitikan partikular ang maikling kuwento ay mapapansing hindi lubos na nakukuha ng mag-aaral ang nakapaloob dito sapagkat walang ginagamit ang guro upang masubaybayan ng mga mag-aaral ang kwento. Sa pamamagitan ng paggamit ng kagamitang panturo partikular ang dayorama ay mas nailalahad at naituturo ang isang kuwento sa kawili-wiling paraan. Dahilan sa paggamit nito ay nasusubaybayan ng mga mag-aaral ang daloy ng mga pangyayari sa kuwento.

Masasabing kailangan na nating makisabay sa modernisasyon ngunit hindi maikakatwa na mayroon paring mga paaralan ang malayo sa sibilisasyon at hindi gumagamit ng teknolohiya kung kaya't bilang isang guro ay kinakailangan nating maging malikhain na makatutulong upang maihatid natin sa ating mga mag-aaral ang mensahe ng isang aralin.

Sa pag-aaral na ito ay nais maipakita na isang epektibong kagamitang panturo ang dayorama sa pagtuturo ng panitikan partikular ang maikling kuwento, ang kahalagahan at mga kapakinabangang naidudulot nito sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Literature Review

Ang kabanatang ito ay isang paglalahad ng kaugnay na literatura at pag-aaral. Sa kabanatang ito, inilahad din ang balangkas teoretikal at konseptwal ng pag-aaral. Maging ang ibang makatutulong sa pagsusuri sa kasalukuyang pag-aaral tungkol sa "Dayorama bilang Modelong Kagamitang Pampagtuturo at Pamgpakatuto sa Maikling Kwento".

Nakapagbibigay rin ng higit na kaalaman ang mga literatura at pag-aaral na maaaring makatulong upang maragdagan pa ang kaalaman ng mga mambabasa.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

## II. Methodology

Tinatalakay sa kabanatang ito ang paraan at disenyo sa pag-aaral, ang mga respondente, sampling technique, mga kagamitan at paraan sa pagkalap ng mga datos. Ang mga kagamitang ito ay angkop sa kasalukuyang pag-aaral tungkol sa "Dayorama bilang Modelong Kagamitang Pampagtuturo at Pamgpakatuto sa Maikling Kwento".

## III. Results and Discussion

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng Deskriptib-Komparatib na metodo. Nailantad nito ang mga bagay na nais matuklasan ng mga mananaliksik upang mapag-aralan ang Dayorama bilang isang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto sa maikling kwento. Ang deskriptib na pag-aaral ay naglalayong alamin ang positibong epekto ng Dayorama upang gawing lunsaran sa pagtuturo ng maikling kwento.

Ang pamaraang nabanggit ay ginagamit ng mga mananaliksik upang masubok ang haypotesis at masagot ang mga suliranin tungo sa layunin ng pag-aaral sa Dayorama bilang isang kagamitang panturo sa Maikling Kwento ay masusukat sa pamamagitan ng interpretasyon ng mga resulta mula sa ibinigay na talatanungan. Ang pamamaraang komparatib naman ay ihahambing ang resultang nakuha sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

## IV. Conclusion

Lumabas sa resulta ng mga mananaliksik na isang epektibong kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto ang dayorama sa pagtalakay ng maikling kwento. Isang mabisang kagamitan na maaaring gamitin hindi lamang sa pagtalakay ng maikling kwento bagkus ay ng iba pang anyo ng panitikan tulad ng epiko, alamat at nobela. Natukoy ng mga mananaliksik na isang mabisang kagamitan ang dayorama sapagkat ang kagamitang ito ay nakatulong ng husto sa pagkuha ng interes at atensyon ng mag-aaral upang makinig.

## References

[1] https://www.Tradisyunal20at20ModernongParaanngPagtuturo.com
[2] https://www.pinoyedition.com/maikling-kwento/com
[3] https://www.bing.com/search?q=dayorama&PC=U316&FORM=CHROMN.com
[4] ALMARIO, VIRGILIO. 1896-1949.Ang Maikling Kwento sa Pilipinas, ph. 50
[5] BADAYOS, PAQUITO B. 2002. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, Simulain at Estratehiya. pp. 119
[6] Pavio, A. 1990. Mental representations: A dual coding approach (2nd ed.) New York: Oxford University Press.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved